# ANG PAGLALAGAY NG MGA DIYAKONO

At, ’yun nga’y, ang una’y paglalagay ng ilang diyakono sa iglesya. Haya’t ang munting iglesya natin rito’y may sariling kapamahalaan. Wala po itong kung anong denominasyon o kung ano na magpapadala rito ng mga diyakono sa atin, ang iglesya po’y pumipili ng sarili nitong mga diyakono. Ang iglesya rito’y pumipili ng sarili nitong pastor, pumipili ng sarili nitong mga tagapangasiwa, pumipili ng lahat ng mga papasok at lalabas ng iglesya. Wala ritong isang tao na siya lang ang magpapasya sa lahat ng bagay, ang buong iglesya po. At ang iglesya’y ang mga dumadalo rito’t sumusuporta sa iglesya sa pamamagitan ng presensya nila, at ng kanilang ikapu at mga kaloob, haya’t sila nga sa tuwina ang may legal na pagpapasya sa paglalagay ng ganoon.

2 At gusto kong pasalamatan ang naunang lupon ng mga diyakono, at sinasabi ko po ito mula rito sampu ng buong iglesya. Kung ang sinuman sa mga kapatid na ’yan ay narito, na sina Kapatid na Cox, Kapatid na Fleeman, at Kapatid na Higginbotham at Kapatid na Deitzman, sila po’y nakapagbigay ng mainam na pagseserbisyo sa’tin, na iginawad sa Panginoon, sa tabernakulong ito.

3 At dumarating ’yung panahon, ayon po sa alituntunin ng iglesya, kada taon, na kusang pinupunan ng mga diyakono at mga tagapangasiwa ang kanilang panahon ng paglilingkod. At kung gusto nilang bumalik, mainam ’yun. Kung di nila gustong bumalik, kung ganoon ay makapaglalagay sila sa puwesto nila, na mga nagbitiw sa lupon na ito.

4 At nung isang gabi po’y tinawagan ko ang lupon ng mga tagapangasiwa, mangyari ngang may bagong lupon ng mga tagapangasiwa. Napansin ko si Kapatid na Luther McDowell na narito sa gabing ito, ikinagagalak natin na makita siya rito, na dating nasa lupon ng mga tagapangasiwa. Ako po’y may sinadya nitong linggong ito para alamin at siguraduhin na may photostatic na kopya na naipalabas, na iprepresenta sa iglesya, rin. Nakasaad nga rito na ang mga tagapangasiwa ng iglesya ngayon ay sina Kapatid na William Morgan, Kapatid na Mike Egan, at Kapatid na Banks Wood, at Kapatid na Roy Roberson. At silang lahat ay taga-rito sa siyudad, maliban kay Kapatid na Roy Roberson na nakatira sa pagitan ng dalawang siyudad. Nakasumpong mismo ang Panginoon ng kaangkupan sa mga kalalakihang ito, at sila’y kagalang-galang na mga kalalakihan,

at kanilang tinatanggap na ngayon ang tungkulin bilang mga tagapangasiwa ng iglesyang ito.

5 At siyanga't habang idinadaos ang pagtitipon na ito, at binanggit ng katulungang pastor na tayo, sa pagpili ng bagong lupon ng mga diyakono, na ang mga ito'y nakapagserbisyo na ng panahon nila at—at nagbibitiw na sila, kaya naman pipili ng ilan pang mga diyakono. Ngayon, ang iglesya . . . Ang paraan po ng paggawa rito, ay, magtatalaga ang lupon ng mga diyakono, ng kalalakihan na nakaka-ugnay na nila at nasumpungan na kagalang-galang at tamang kalalakihan.

6 Haya't ang tungkulin ng isang diyakono ay isang malaking tungkulin, at isang dakilang karangalan mismo sa Panginoon na maging diyakono ng iglesya. At kaya, dun po sa pulong nung isang gabi, may lalaki na inirekomenda sa akin. At sa pulong kasama ang pastor, nung sumunod na . . . nitong katatapos na Biyernes, haya't ang lalaki'y napagkasunduan na isa mismong kagalang-galang at tamang lalaki.

7 Mangyaring may isa pong kabataang lalaki na nakikitaan nila, pero di masasabing kuwalipikado (hindi dahil sa di siya tamang uri ng lalaki), siya nga'y inirekomenda ng isa sa mga kagalang-galang na lalaki sa lupon ng mga tagapangasiwa. Pero nung ang pastor at ako'y talakayin 'yun, at tinanong ko ang edad nung kabataang lalaki, ang edad niya'y bago pa lang sa edad bente. Kagalang-galang, matuwid, at tunay na lalaki, pero nalaman namin na wala pa siyang asawa. Ang hinihiling kasi ng Biblia para sa isang diyakono ay siya'y lalaking may asawa. Kinakailangan na asawa siyang lalaki sa isang asawang babae.

8 At tapos may isa ring kagalang-galang talaga na lalaki, tunay na kuwalipikadong-kuwalipikado sa naturang puwesto at tunay na magiging matapat na lalaki, gaya ng pagkaka rekomenda sa kanya ng isang kapatid na lalaki. Pagkatapos nung inuusisa 'yung bagay na 'yun, nalaman na 'yung kapatid na lalaki'y kapapasok lamang sa Pananampalatayang ito, at ang kanyang asawang babae'y di sumasampalataya Rito. Kaya naman hindi naging kuwalipikado 'yung lalaki sa tungkulin na 'yun. Kinakailangan kasi'y nagpapasakop ang buo niyang pamilya, kinakailangang naroon din sila sa Pananampalataya, dahil magiging di pagkakasundo lang 'yun.

9 At nagtatayo po tayo ngayon, at umaasa tayo na mailagay ang iglesyang ito. At bilang punong tagapangasiwa ng iglesya, kinakailangan na mapanatili ko na natutupad ito, batay sa Kasulatan, na ang lahat ay nakalinya mismo sa Salita.

10 At kaya naman, siyanga, naging mas mainam sa lupon at sa pastor, at nangangasiwa, na pumili sa grupong ito rito ng ilang kalalakihan na sa tingin namin ay kagalang-galang at tamang kalalakihan. Maiprepresenta lang namin. At ito'y, siyanga't, sila'y itatalaga ng iglesya, mula sa boto nila. At

pagkatapos ang mga kalalakihang ito ay magseserbisyo, kung sa tingin nila'y matatanggap nila ang tungkuling 'yun. Pagkatapos palilipasin ang kaunting panahon na gagawin nila 'yun, para makita nila kung sila ba'y tinawag talaga ng Diyos doon. At kung paglaon, kung sa pakiramdam nila'y di sila kuwalipikado, kung ganoon, may karapatan sila sa loob ng ilang sanlinggo na bumitiw sa katungkulan, nang sa gayon may iba na maitalaga sa puwesto nila.

11 Gayunpaman, sa pagsisimula ng rebaybal na (kung loobin ng Diyos) ay gusto kong idaos dito sa may tabernakulo sa lalong madaling panahon basta't makakuha ako ng kaunting pahinga, kung ganun aking—kung ganun aking. . . oordenahan natin ang mga diyakonong ito sa pagpapatong ng mga kamay sa kanila, sa mga diyakono at tagahawak ng salapi sa iglesyang ito. Pero unang-una'y dapat silang maitalaga at—at tingnan nila kung may pagnanais sila at kung gusto ng kongregasyon. Pagkatapos kapag—pagkatapos kapag ayos na sa magkabilang panig, oordenahan natin ang mga kalalakihang ito para maging mga diyakono, kung papaano nga na ang mga Tagapangasiwa'y hinalal sa ganoon ding paraan.

12 Yun nga'y sariling kasaklawan at batas sa iglesya, batay sa Salita ng Diyos. Kaya naman, ito'y, di lang basta sasabihin nila na "Sa palagay ko tamang tao ang lalaking ito," di 'yun ganoon na, "iniisip ni Kapatid na Neville na ang lalaking ito'y tamang tao," o "iniisip ng lupon ng mga tagapangasiwa na ang lalaking ito'y tamang tao." Kinakailangan na iglesya mismo! Wala pong isa rito sa sarili niya na gagawin 'yung ganoon. Boto po mismo ng iglesya. Malayang iglesya po ito.

13 Yung lumang orihinal na mga alituntunin ay nasira nung baha noong 1937. May mga kopya naman tayo nun, at ang mga 'yun po'y isasabit sa may dingding dito malapit na, 'yun pong mga tungkulin ng mga tagapangasiwa, mga diyakono, mga tagahawak ng salapi, at iba pa, pastor, mga katulungan, at iba pa.

14 Sa biyaya nga ng Diyos, nabanggit sa akin, at sa sandaang porsiyento na boto na pinadaan sa lupon ng iglesyang ito, na nakita nila na si Kapatid na Hollin Hickerson ay tama't, kagalang-galang na lalaki, at nakalinya mismo sa posisyon na ito na tanggapin ang—ang malaking karangalan ng pagiging diyakono ng naturang tabernakulo na ito.

15 Gayundin, na nakita namin, at sa pamamagitan ng boto ng lupon, na si Kapatid na Collins ay nakita rin bilang kagalang-galang at tamang lalaki. Yamang isa siyang ministro, rin, kaya naman hinihikayat namin siya na maparito at maging—maging diyakono ng iglesya; at di lang diyakono, kundi katulungan ni Kapatid na Neville, at marahil makapag-klase ng isang Sunday school, o humalili minsan kay Kapatid na Neville, o anupaman

na pagtawag sa kanya na maging katulungan ni Kapatid na Neville. Si Kapatid na Collins po.

16 At, gayundin, nakitaan din ng iglesya, nang kaluguran, si Kapatid na Tony Zabel, bilang kagalang-galang at tamang lalaki, at nakikitaan siya ng kaluguran sa harap ng lupon ng mga tagapangasiwa at mga pastor, na alukin siya na tanggapin ang katungkulan ng isang diyakono sa naturang tabernakulo na ito.

17 At inalok din, at nakitaan bilang kagalang-galang na lalaki sa kalagitnaan natin. . .(Hindi. . .haya't di lamang sila ang nakitaan ng pagiging kagalang-galang na kalalakihan, ngayon, pero sila lamang sa ngayon ang napili ng lupon.) Si Kapatid na Taylor po na taga-Henryville, o Memphis, sa pagkakaalala ko, Memphis, Indiana. Kasa-kasama natin siya nang matagal-tagal na, gumaganap bilang usher o kung anuman. Hayan nga na nakitaan siya ng kaluguran ng iglesya, o ng lupon at ng mga pastor, na tanggapin niya ang—ang malaking katungkulan na ito ng pagiging diyakono sa naturang iglesya na ito.

18 At inalok din ito sa manugang na lalaki ni Kapatid na Mike Egan, si Kapatid—Kapatid na Bob Harned, na napili ng lupon at ng mga pastor, na tanggapin niya ang katungkulan bilang tagahawak ng salapi ng naturang tabernakulo na ito, na sadya ngang marangal na gawain, at kinakailangan ng marapat na pagkamatuwid at pagkamatapat.

19 At sa paglalahad nito, sa tingin ko, mga kapatid, na kayo po'y kinikilala rito, na ito'y maging dakilang karangalan sa inyo. At hindi lang basta ganoon, kundi gagampanan ito.

20 Sa oras na ito inaanyayahan ko si Kapatid na Neville, ang ating katulungan, na basahin ang hinihiling sa isang diyakono. Kapatid na Neville, kung puwede mo bang basahin ito mula sa Salita ng Diyos. [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Unang Timoteo 3:8-13—Pat.]

> [*Gayon din naman ang mga diakono dapat ay mahuhusay, hindi dalawang dila, hindi mahilig sa maraming alak, hindi mga sakim sa mahahalay na kapakinabangan;*]
>
> [*Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng malinis na budhi.*]
>
> [*At ang mga ito rin naman ay subukin muna; kung magkagayo'y mamahalang may pagka diakono, kung walang kapintasan.*]
>
> [*Gayon din naman ang kanilang asawang babae dapat ay mahuhusay, hindi palabintangin, mapagpigil, tapat sa lahat ng mga bagay.*]
>
> [*Maging asawa ang mga diakono ng tigiisa lamang na babae, na pamahalaang mabuti ang kanilang mga anak at ang kanilang sariling mga sangbahayan.*]

[*Sapagka't ang nangamamahalang mabuti sa pagka diakono, ay nangagtatamo sa kanilang sarili ng isang mabuting kalagayan, at malaking katapangan sa pananampalataya na kay Cristo Jesus.*]

21 Amen. Sa mga oras na ito'y hinihiling ko sa mga kapatid na ito na natawag, kung maaari silang lumapit dito sa harapan sa may entablado pansumandali. At habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo pansumandali sa pananalangin, hinihiling ko sa kanila na . . . At sa iglesya na malaman nila ito, na ngayon po'y hahalal kayo ng lupon ng diyakono n'yo at ng tagahawak ng salapi n'yo.

22 Panginoong Jesus, nang may mapitagan, at maka-Diyos na pag-iisip ay hetong dumudulog kami ngayon sa Iyo. Kami po'y dumudulog nang may paggalang sa Iyong Pagka Banal-Banal na Salita, dumudulog kami na nananampalataya na "Mangyari ngang ang bawat salita ng tao'y mali, subalit ang sa Diyos ang totoo." At malaking-malaki ang pasasalamat namin sa Iyo para sa Iglesyang ito na binayaran ni Jesus sa pamamagitan ng Sarili Niyang mayamang Dugo, at ipinagkaloob sa amin ang gusaling ito upang kami'y makapanambahan.

23 At bilang mga tagapangasiwa ng kalugud-lugod na kawan na ito, na sa gayon ay itinalaga kami ng Espiritu Santo, amin ngang pinagsusumikapan na ipresenta sa kongregasyon na ito ang isang tapat, na matutuwid na grupo ng kalalakihan na naniniwala kaming puspos ng Espiritu Santo't handa para sa katungkulan na ito. Gaya ng sinabi minsan patungkol sa lupon ng mga diyakono, "Magsihanap kayo sa sari-sarili ninyo, ng kalalakihan na may mabuting patotoo at may Espiritu Santo, nang sa gayon ay makapanilbihan sila sa paraan na ito, na kalingain ang mga balo't mga ulila, ipamahagi ang salapi, at lingapin ang kapakanan ng iglesya." Pagkalipas ng ilang taon, kababasa lang namin itong isinulat ng dakila't, kinasihan, at banal na si Pablo, na nagtakda mismo ng deklarasyon batay sa Kasulatan na mga hinihiling sa mga posisyon na 'yun.

24 Diyos, Iyo pong kaluguran ang mga kalalakihang ito. At ngayon dadako na kami sa pagpipili, Panginoon, bilang isang malayang magpapasyang iglesya, bilang ang katawan ng Panginoong Jesus, na sila'y maghahalal ngayon. At . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . at pangungunahan ang bahaging ito ng gawain sa espesyal na pamamaraan, sa matuwid na banal na Pangalan ni Jesus.

25 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, na hindi lang ang ating mga ulo bagkus ang ating mga puso rin, at sa bawat miyembro ng iglesya rito, na dumadalo rito nang regular at sumusuporta sa pamamagitan ng inyong ikapu at mga kaloob, na mga itinuturing na miyembro ng iglesyang ito, habang ang pastor po at ako, ang tanging, titingin, ang katulungang pastor,

si Kapatid na Neville, at ako'y titingin, hayan nga't tatanungin ko sa iglesyang ito kung nakikitaan n'yo si Kapatid na Taylor ng pagiging matuwid na lalaki't karapat-dapat, sa abot mismo ng mainam n'yong unawa, na maging diyakono sa grupo ng mga tao rito? Ipaaalam n'yo na sang-ayon kayo sa pagtataas n'yo ng inyong kamay. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Sige. Ngayon kung may tutol naman, itaas n'yo ang inyong kamay. [Huminto si Kapatid na Branham.] Salamat.

26 Mayroon po ba sa mga miyembro ng iglesya rito na kanila pong nakikitaan. . .at ang lahat po ba'y, nakikita nila na si Kapatid na Hollin Hickerson ay matuwid at kagalang-galang na lalaki, at isang lalaki mismo na nakikitaan n'yo na karapat-dapat na maging diyakono ng naturang iglesya na ito? Maaari n'yo bang ipakita sa pamamagitan ng pagtataas ng kanan n'yong kamay. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Kung tutol naman kayo, pakitaas lang ng inyong kamay. [Huminto si Kapatid na Branham.]

27 Nakikitaan ba ng kongregasyon si Kapatid na Collins na ganoon din, na isang matuwid na kagalang-galang na lalaki, at karapat-dapat sa trabaho bilang diyakono ng iglesyang ito? Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Sige. Ang mga tutol naman, pakitaas po ng inyong kamay. [Huminto si Kapatid na Branham.]

28 Nakikitaan ba ng kongregasyong ito si Kapatid na Tony Zabel bilang kagalang-galang na lalaki at karapat-dapat sa tungkulin na ito, ng pagiging diyakono sa kawan na ito ng naturang iglesya na ito? Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kanang kamay. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Ang mga tutol po, pakitaas ng inyong kamay. [Huminto si Kapatid na Branham.]

29 Sa tingin ba ng kongregasyon na ito'y si Kapatid na Harned ay isang tama't matuwid na lalaki, na siya'y kasa-kasama na natin nang matagal na panahon, na siya'y maging tagahawak ng salapi, kalihim at tagahawak ng salapi ng iglesyang ito, para hawakan ang mga pinansyal at bayaran ang mga bayarin? Kung ganoon po, pakitaas ng inyong kanang kamay. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Mayroon po bang tutol, pakitaas na lang po ng inyong kanang kamay. [Huminto si Kapatid na Branham.]

30 Nais ko ngayong sabihin sa mga—mga kapatid na nakatayo rito ngayon, sa may paanan ng krus, na ang iglesyang ito'y, sandaang porsiyento (na walang pagtutol), na nakikitaan lahat kayo ng pagiging karapat-dapat sa paningin ng Diyos para sa tungkuling ito na tinawag kayo ng Diyos.

31 Ngayon, kayo, gaya ng pagkakasabi, "Sila nga'y masubok muna, at makita kung may pagnanais sa tungkuling ito." Sa loob ng ilang sanlinggo, loobin ng Diyos, ako po'y babalik para

magpatong ng kamay sa grupo ng mga kalalakihang ito, para italaga sila na opisyal na mga tagapanga-. . . o mga diyakono sa iglesyang ito, at tagahawak ng salapi.

Atin na pong iyuko ang ating mga ulo pansumandali:

32 Panginoon, nagagalak po kami sa gabing ito na mayroong kalalakihan pa rin na nabubuhay sa mundo na nakalalakad nang maka-Diyos sa mundong ito; na lubos ngang maka-Diyos na ang isang tabernakulo, na may istriktong mga patakaran gaya nito, ay may nahalal na limang kalalakihan sa posisyon bilang mga pinuno, na wala ni isa man na tutol. Kami po'y nagagalak para sa kanila, at nararamdaman namin na Ikaw ay naritong kasama namin na pinagpapasyahan ang mga desisyon na ito, kasama ang lupon at mga pastor.

33 Diyos, pagpalain Mo po ang mga kalalakihang ito. At nawa makapaglingkod sila sa tungkuling ito nang buong puso nila, na may pagkabatid na ang itinutumbas sa kanila'y mahalagang antas sa Langit. Balang araw kapag ang mga Aklat ng Langit ay isasara na, nawa'y sa Aklat ng mga makalangit na nilalang at sa dakilang Aklat ng Langit na mabuklat, nawa'y ang kanila pong mga pangalan ay sandaang porsyentong nasa harapan ng Diyos at ng Tagapagligtas at ng buong Makalangit na hukbo, na maging ganoon din sa Kanyang Kaharian. Iyong pagpalain sila, Panginoon, at nawa'y mapagsilbihan nila ang tungkulin na ito nang mabuti. Sa Pangalan ni Jesus ay pinasasalamatan Ka namin para sa kanila. Amen.

34 Gusto kong kamayan kayo, Kapatid na Harned, at Kapatid na Zabel, at Kapatid na Collins, at Kapatid na Hickerson, at Kapatid na Taylor. Ikinagagalak ko nang husto na malaman na may pakikipagbuklod kami nang buong panahon na ito sa inyo na mga kagalang-galang na kalalakihan. Pagpalain kayo ng Diyos ngayon. At kayo po'y makikita namin muli, pagkatapos na pagkatapos nitong kaunting pahinga ko, sa pagbalik ko, at titingnan kung kinaiinaman n'yo ang inyong tungkulin. Sige't, ang boto nga sa kanila, ay sa palagay ko'y sandaang porsiyento mismo, walang pagtutol.

35 Oh, kayo ba'y nagagalak na ang nakakasalamuha n'yong mga tao ngayon ay mga taong nakakapamuhay sa harapan ng Diyos, maka-Diyos, at nakakapamuhay ng ganoon sa harap ng pangkasalukuyang sanlibutan na ito na ganoon ang kondisyon? Kamangha-manghang bagay po.

36 At ako po'y nagagalak na malaman sa gabing ito na ako'y nagkaroon ng pribilehiyo na—na ang mga kalalakihang ito at ang iglesya rito'y naging mga kaibigan ko. Ikinagagalak ko nang lubos na ibinunsod ng Diyos na nakaugnay ko ang aking sarili sa Kanyang Iglesya sa buong mundo. Oh, sila nga'y itinatakuwil at tinatanggihan at paksa ng kuwento-kuwento, at gaya ng nabanggit ko kaninang umaga sa mensahe ko, haya't marahil

tagatapal lang ng putik, ’yan ang tingin ng sanlibutan sa kanila, na “sangkumpol lang na mga panatiko,” pero ang tingin ng Diyos sa kanila’y Kanyang mga anak. Yun mismo ang ikinagagalak ko. Marahil di nila maiuulat sa inyo kung ilang milya ang layo ng buwan. Marahil di nila maiuulat sa inyo ang buong solar system at kung papaano ba ’yun umiiral. Pero may isang bagay nga silang nalalaman, haya’t alam nila ang oras kung kailan sila naipanganak na muli. Kinalulugdan ko sila.

37 At bilang munting parabula na natutunan ko, at iuugnay ko ’yun ngayong gabi sa dalawa kong munting anak na babae para mas lalong mapalapit ito sa atin, para mas gawing totoo ito sa atin, nang sa gayon maunawaan n’yo ang kahulugan nun. Isang araw, sa pagbangon ko sa higaan. . .Hayan ang dalawa kong munting anak na babae. Ang isa sa kanila’y si Rebekah, at ang isa sa kanila’y si Sarah, at sila’y mumunting dalagita ni daddy.

38 At may munti rin akong anak na lalaki, si Joseph. Ako po’y galing ng Chattanooga, mula sa isang pagtitipon isang gabi, at ako po’y nanggaling dun sa huling malakihang gawain na ’yun. Ako’y nasa—nasa kotse, nagbibiyahe kasama ang panganay ko, si Billy. Ang asawa niya’t si Meda ay nasa kotse, at ang mga anak kong babae. At habang nagbibiyahe kami, wala ngang nagsasalita nang siguro’y mga ilang bloke ng siyudad. At ako nga’y nakapangaral nung gabing ’yun sa mga tao ng tunay na nakakasakit sa damdamin na pangangaral patungkol sa mga ginagawa ng tao. At wala ngang nagsasalita. At ang munti ko pong si Joseph ay bigla na lang lumapit at tinapik ako sa aking balikat, sabi niya, “Daddy, talaga pong nangaral ka ngayong gabi!”

39 Tapos itong umaga na ito, habang naghahanda na akong umalis at papunta na rito sa Eighth at Tenth Street, sa. . .o sa Penn at Tenth, pala, wala ngang nagsasalita ng kung ano, ang maybahay ko man at dalawa kong anak na babae. At heto nga na tinapik muli ako ni munting Joseph sa balikat, sabi niya, “Daddy, naku, gustung-gusto ko po ’yung pangangaral mo ngayong umaga,” sabi niya.

Sabi ko, “Buweno, may isa akong tagahanga, ang anak ko ngang lalaki.”

40 At ito nga ’yung gusto kong ikuwento sa inyo. Isang umaga, habang nakaupo ako sa silid, ang munti ko ngang si Becky ay tumatakbo papunta sa akin at, para pong, nakasampa siya sa binti ko at iniyapos niya ang bisig niya sa akin, at siya nga’y mumunting dalagita ni daddy. At nakayakap nga siya sa akin. At si munting Sarah ay tumalon din mula sa higaan suot-suot ang munti niyang pajama at hayan nga, na, tumatakbo palapit. Hayan nga siya’t siya ’yung may kulay tsokolateng mata.

41 Sasabihin ni munting Becky, “Oh, Sarah, bakit ka pa pumunta, haya’t solo ko na si Daddy. Solo ko lahat si Daddy!”

At si munting Sarah, ’yung munti niyang labi’y biglang napasimangot nang bahagya, ’yung munti niyang tsokolateng mata’y lumamlam. Sinenyasan ko siya nang *paganito* at iniunat ko ’yung isa kong tuhod, at lumapit siya’t sumampa roon.

42 Mas mahahaba ang binti ni Becky, kaya abot ’yun sa sahig. Si munting Sarah nama’y kaunti na lang ay mahuhulog-hulog na roon, kaya iniyapos ko ang pareho kong bisig kay Sarah. Tumingin si munting Sarah kay Becky at sabi, “Becky, marahil solo mo si Daddy lahat, pero solo naman ako lahat ni Daddy!”

43 At sa palagay ko’y ganoon nga ’yun dito. Marahil di natin alam ang lahat ng teolohiya’t lahat ng mga enggrandeng mga salitang Griyego, na ang grupo rito ng mga tao’y wala tayong nalalaman sa mga ’yun. Pero may isang bagay nga na sigurado, haya’t nananampalataya ako na angkin-angkin *tayong* lahat ni Jesus. Amen.

Sige na po, Kapatid na Neville.

*Ang Paglalagay Ng Mga Diyakono* TAG58-0720E
(The Placing Of Deacons)
Pag-uugali, Pagsasaayos, At Doktrina Ng Iglesya

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Hulyo 20, 1958 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org